Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 1

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ika-apat na Markahan – Modyul 3:
## “Lolo’t Lola at Iba Pa, Aking Susundin”



**Pangalan:**___________________________________

**Baitang at Seksyon:**___________________________

**Paaralan:**___________________________________



# Alamin

Bakit mahalaga ang pagiging masunurin sa mga utos? Ano-ano ba ang kabutihang maidudulot ng pagiging masunurin? Saan at kanino mo ba ito natutunan o sadyang nagawa mo lang ba nang kusa para sa sarili at para sa iba?

Sa modyul na ito ay masusuri at matutunan natin kung paano ang pagiging masunurin; hindi lang sa mga magulang, kuya't ate at pati na rin sa lolo't lola at sa iba pang mga nakatatanda.

**Kasanayang Pampagkatuto:**

1.Nakasusunod sa utos ng Lolo't Lola at iba pang nakatatanda sa tahanan at pamayanan (EsP1PD-IVac-1)



# Subukin

**Panuto:** Iguhit sa sagutang papel ang masayang mukha (☺) kung sinunod ang utos ni Lolo't Lola at ibang nakatatanda at malungkot na mukha(☹) kung hindi.

_____1. Ayaw ni Tino na lumapit kay Lolo dahil uutosan siya.
_____2. Sinunod mo ang utos ni Lola na diligan ang kanyang mga halaman.
_____3. Ginawa mo ang sabi ni Aleng Adela na kunin ang dala niyang gulay at ibigay sa iyong nanay.
_____4. Nasalubong mo ang iyong Tiyo Budoy sa daan na maraming dalang buko. Inutusan ka niya na buhatin ang isa kaya tinulungan mo siya.
_____5. Si Benito ay laging sumusunod sa utos nina lolo at lola.

| Modyul 3 | Lolo't Lola at Iba Pa, Aking Susundin |
|---|---|



## Balikan

**Panuto:** Isulat ang **<u>Tama</u>** kung nagpapahayag ng tamang pagsunod sa utos at **<u>Mali</u>** kung hindi.

_______1. Padabog si Natoy na sumunod sa utos ni ate.

_____2. Sinabihan ka ni kuya na isara ang bintana at agad mo itong ginawa.


_______3. Natutunan ni Zen sa skawt na maging masunurin sa mga utos ng nakakatanda.

_______4. Pinunasan mo ang mesa dahil iyon ang sabi ni ate bago siya umalis.

_______5. Ang sabi ni kuya sa iyo, "Ibigay mo ang tsinelas kay nanay" at ginawa mo ito.



## Tuklasin



Batay sa larawang ipinakita, matutuklasan natin kung paano naging masunurin ang mga bata sa kanilang Lolo't Lola. Ano-ano ang kanilang mga ginagawa? Maliban sa kanilang Lolo't Lola, may iba pa bang tao ang maari nilang sundin?



# *Suriin*

**Tandaan**

Sa tahanan, mayroon tayong mga magulang na siyang nagpapasya para sa mga anak. Mayroon itong tuntunin na dapat sundin at tungkulin ng anak na sumunod sa mga patakaran kasama din ang mga nakatatanda na sina lolo't lola, ate, kuya, tiyo, tiya at iba pa. Bilang isang batang masunurin, hindi ibig sabihin na utos lang ng mga kasapi ng pamilya natin ang susundin. May pagkakataon na kung kinakailangan ay susundin din natin ang utos ng mga taong nakatatanda sa atin na hindi kabilang sa ating pamilya.

Lagi nating tatandaan na ang pagkamasunurin ay isang magandang katangian na ating natutunan.



# *Pagyamanin*

**Panuto:** Idugtong ang pangalan ng mga taong dapat nating sundin sa malaking bilog na nasa gitna.

1. nakatatanda
2. lolo
3. sanggol

Dapat nating sundin ang mga utos

4. nanay
5. tiyo
6. lola



# Isaisip

**Panuto:** Punan ang patlang ng tamang salita. Piliin ang sagot mula sa kahon at isulat sa sagutang papel.



| | | |
|---|---|---|
| tularan | Lola | Tiya |
| masunurin | Ate | |

Si Rene ay isang batang 1.____________. Minsan inutusan siya ni 2._______________ na hanapin ang kanyang tungkod. Sinusunod din niya ang utos ng kanyang Kuya at 3._________. May iba pang mga taong nakatatanda ang dapat nating sundin tulad nina Tiyo at 4._________. Si Rene ay dapat nating 5.________________.



# Isagawa

**Panuto:** Idugtong ang utos sa hanay A papunta sa larawan sa hanay B na nagpapakita ng pagsunod nito. Isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

| **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|
| 1. Apo, ikuha mo ako ng inuming tubig. | A.  |
| 2. Luis, buksan mo ang pinto. | B.  |

3. Nene, tulungan mo ako sa pagbubuhat ng silya.

C. 



## Tayahin

**Panuto:** Isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

____1. 

| |
|---|
| Ang sabi ng lola ay matulog kayo nang maaga. |

Ano ang dapat mong gawin?
A. Sundin ang sinabi ni lola.
B. Huwag pansinin si lola.
C. Pagtawanan si lola.

____2. Apo, hanapin mo ang aking tungkod. Ito ay utos ni ________.

A. kuya  B. lola  C. papa

____3. Sino sa kanila ang masunuring bata?
A. Si Marisa na hindi ginagawa ang utos ni Tiyo Rico.
B. Iniligpit ni Anita ang higaan nang inutusan ng kanyang Ate.
C. Si Lando hindi sinunod ang utos ni Mang Ador na ibigay ang sombrero sa kanyang tatay.

____4. Ano ang tawag sa batang sumusunod sa mga utos ng magulang at iba pang nakatatanda?

A. matalino B. malusog C. masunurin

_____5. Alin dito ang maaring bunga ng isang batang masunurin?

A. masamang tao

B. modelo na dapat tularan

C. problema sa pamayanan



# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Sumulat ng limang (5) gawain na iniuutos ng lolo't lola, tiya't tiyo at ibang nakakatandang kasapi ng inyong pamilya.

1. ______________________________________________

2. ______________________________________________

3. ______________________________________________

4. ______________________________________________

5. ______________________________________________

# Sanggunian:


http://clipart-library.com/img/824841.jpg

https://encrypted-tbn0.gstatic.com/images?q=tbn:ANd9GcR5n-mbaBeP_vfxa3i5xD0TgYsu7zB3AYAypg&usqp=CAU

https://clipartstation.com/wp-content/uploads/2018/10/helping-clipart-free-4.jpg

https://creazilla-store.fra1.digitaloceanspaces.com/cliparts/39275/cowboy-hat-clipart-d.png

https://lh3.googleusercontent.com/proxy/vU-mW7y7bjUiP4gG0d4pWd9KZafqHP5Wh5LUnUOLKGGbJdyNm4lCntSrKxUqacQtCl02MY_m2S8hiLu_vQ2VYXtbyuS6ze2zMpFjRQILEtXA

https://coloringhome.com/coloring/RcG/ykq/RcGykqeXi.jpg

https://lh3.googleusercontent.com/proxy/oZwXc7bxKJ6OM7l7Hd9WsVRPYcOME1DZNY8Pkw1GCqJNGsdcBiK5wUpvwNZcS9NE2jntvcN5UklJDRVVeIqBCJmJLKi6MZEATQ

https://encryptedbn0.gstatic.com/images?q=tbn:ANd9GcQk6Xn7dTDRPbwQxSNJXTEBE XcVMr5R9dQZCg&usqp=CAU

https://i0.wp.com/www.handsonparentwhileearning.com/wp-content/uploads/2016/04/help_brother-1.jpg


## Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul


Manunulat: Gilda A. Petalcorin
Master Teacher II
Nazareth Elementary School
Kabasalan District
Division of Zamboanga Sibugay

Editor: Daylinda P. Ragadio
Falconeri R. Enoy

Tagasuri: Jerlyn Faith B. Gitalan
Mona Lisa M. Babiera, Ed.D
*Education Program Supervisor*

Tagapamahala:
Evelyn F. Importante
*OIC-CID Chief EPS*

Aurelio A. Santisas
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jerry C. Bokingkito
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jeanelyn A. Aleman, CESO VI
*OIC-Schools Division Superintendent*